SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 28, 2024, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

RECORDED 18 NOV 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11/19/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 368-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 154-T2024 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 03-T2024 NG BARANGAY PAGSAWITAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAG-AAMYENDA SA KAUTUSAN BLG. 05-T99 NA NAGBABAWAL NA PUMARADA AT GUMARAHE ANG LAHAT NG URI NG MGA SASAKYAN SA MGA DAANG NASASAKUPAN NG NASABING BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 154-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 03-T2024 na nag-aamyenda sa Kautusan Blg. 05-T2024 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, layunin ng Barangay Pagsawitan na magkaroon ng maayos at maaliwalas na daan na di nakakasagabal sa daloy ng trapiko sa barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw ( Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**G: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 154-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 03-T2024 ng Barangay Pagsawitan, Santa Cruz, Laguna na nag-aamyenda sa Kautusan Blg. 05-T99 na nagbabawal na pumarada at gumarahe ang lahat ng uri ng mga sasakyan sa mga daang nasasakupan ng nasabing barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, SCTMO, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 21, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

111524